

Open Forum

Representative Assembly for Foreign Residents

外国人市民代表者会議オープン会議

271



Sa paglalayong maparating sa pamahalaan ang mga tinig ng mga dayuhang residente tungo sa pagkakaroon ng maayos na pamumuhay ng lahat, ang Asembleyang binubuo ng mga kinatawan para sa mga Dayuhang Residente (Representative Assembly for Foreign Residents) ay magsasagawa ng *Open Forum* sa taong 2006.

Ito ay gaganapin sa ika 10 ng Disyembre (Linggo)mula ika-1 hanggang ika-5 ng hapon sa TAKATSU SHIMINKAN DAIKAIGISHITSU. Ang Shiminkan o Civic Hall ay dalawang minuto mula sa istasyon ng JR Musashi Mizonokuchi ng Tokyu Den-entoshi Line.

Ang nilalaman nito ay Open Forum ay nahahati sa dalawang bahagi: [Ang pagpapatupad sa pagsali ng mga dayuhang residente sa pagmamahala ng Siyudad] at [serye ng pangkaraniwang pagpupulong ng Komite ukol sa : Kultura at Edukasyon, Lipunan at Kabuhayan at Ang Asembleya ng mga Kinatawan. Inaasahan at Inaanyayahan ang bawat isa upang dumalo at sumali sa pagtitipon.

Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnayan sa Human Rights and Gender Equality Office, Citizen's Affairs Bureau of Kawasaki City: 044-200-2359.

Paligsahan ng Larawan ng Lugar-Pasyalan sa Kawasaki

(川崎市観光写真コンクール作品募集)

272


Inaanyayahan ang lahat na lumahok at magpadala ng inyong pinakamagandang kuhang larawan sa Siyudad ng Kawasaki. Ang tema ay:

"Ipagbigay-alam sa lahat!Ang kagandahan at katangian ng Kawasaki"

Ang mga pamantayan ng bawat lahod ay: larawang hindi pa na-expose sa publiko, may sukat na (B4=254 x 304) o wide (254 by 356)at colored. Ang magwawaging larawan ay magiging pag-aari ng Kawasaki at ang mga lahod ay hindi na maibabalik sa may akda.

Isulat ang mga sumusunod na detalye sa likod ng larawan at sa bukod na papel: Inyong Pangalan, Tirahan, Telepono, Pamagat ng Larawan, Kailan ito nilitrato, Lugar ng pinagkuhanan ng larawan at anong uri ng kamera ang ginamit(kung digital).

Upang makilahok, Ipadala sa **Commerce and Tourism Section, Economic Affairs Bureau of Kawasaki City** postal code: 210-8577 bago mag-ika-31 ng Enero 2007. Telepono: 044-200-2329.



Iluminasyon sa Istasyon ng Kawasaki

(KAWASAKI 光のメモリアル)

273

Muling matutunghayan sa taong ito ang makulay na iluminasyon o light-ups sa istasyon ng Kawasaki at sa mga punong kahoy sa Shiyakusho Dori. Tinagurian itong "KAWASAKI hikari no memorial) na magpapatuloy hanggang 26 araw ng Disyembre. Kabilang dito ang Christmas Tree Illumination at ang mga bagay na likha sa balloon na gagamitin nitong susunod na taon sa American Football World Cup 2007 sa Kawasaki. Halina't mag-enjoy ng Romantic Christmas sa Kawasaki Station. Mag-uumpisa ang light-ups sa oras ng alas 5 ng hapon. Para sa inyong katanungan, tumawag sa Keizaikyoku Shougyou Kanko Ka:044-200-2330.



Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki

Silid - Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon

Wikang Kastila: Martes at Miyerkoles

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles



Sangay ng Sanggunian para sa mga residenteng dayuhan

Magsisimula na ang Sangay ng Sanggunian para sa mga residenteng dayuhan nitong Oktubre ng ika-una at ikatlong itinakdang araw ng buwan. Ang iskedyl ay ang mga sumusunod:

Asao Ward Office

Kawasaki Ward Office

Wika	Araw	Oras	*	Wika	Araw	Oras
Intsik	Martes	9:30-12:00	*	Intsik	Martes	14:00-16:30
Tagalog	Miyerkoles	14:00-16:30	*	Tagalog	Miyerkoles	9:30-12:00
Ingles	Huwebes	9:30-12:00	*	Ingles	Huwebes	14:00-16:30

Samantalang patuloy pa ring mapapakinabangan ang libreng konsultasyon para sa mga residenteng dayuhan sa Kawasaki International Center:044-435-7000.

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 〒211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/